

Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-4 ng Mayo 2020

UPDATE MULA SA KEMH

Nagsimula na ngayong tawagan ng ospital yaong mga taong naabisuhang higit na nanganganib sa COVID-19.

Ang mga nanganganib na grupo ay inabisuhan na mag-isolate sa loob ng labing-dalawang (12) linggo, mula pa noong ika-26 ng Marso.

Nagbigay hudyat ang Gobyerno noong Biyernes na magsagawa ng pagluluwag ng ilang mga paghihigpit, at kabilang dito, ang mangilan-ngilang mga nasa nanganganib na grupo, ay makapagsagawa ng mga ilang bagay sa ligtas na paraan.

Gayunpaman, una nang sinimulan ng KEMH na makipagugnayan sa mga taong inabisuhan na manatili sa loob ng kanilang tahanan. Pagkatapos, susunod namang tatawagan ang ibang nasa nanganganib na grupo, na may kasamang gabay sa kung anong makatwirang bagay ang maaari nilang gawin.

Hinihiling ng ospital na ang mga taong nasa nanganganib na grupo, na hintayin ang kanilang tawag, at huwag tawagan ang KEMH para sumangguni.

Samantala, pitong (7) swabs ang papunta na sa UK para sa pagsusuri.

Inaasahan sa katapusan ng linggong ito na ang KEMH ay nasa posisyon na para makapagsimula ng pagpo-proseso ng mga swabs dito sa isla.

Ngayong linggo, ang ospital ay sinusubukang suriin, mag-kalibrate, at nagsasagawa ng mga pagsasanay sa bagong analyser na magsasagawa ng pagsusuri sa isla.

PAGBUBUOD NG MGA PAGBABAGO

Narito ang buod ng mga detalye sa pagluluwag ng mga paghihigpit na inanunsyo ng Gobyerno noong Biyernes:

- Magbubukas muli ang mga paaralan at mga nursery sa ika-11 ng Mayo.
- Ang mga negosyo at FIG ay sisimulan rin na i-restart ang mga non-essential na trabaho sa ika-11 ng Mayo, at ang mga patnubay dito ay kasalukuyang tinatapos upang matulungan sila na gawin ito sa ligtas na paraan.
- Ang mga paghihigpit sa mga social at pisikal na mga gawain ay sisimiulan ng luwagan simula Miyerkules, ika-6 ng Mayo. Ang mga patnubay dito ay kasalukuyang inilalathala.
- Ang mga tao na nasa grupo ng lubhang mga nanganganib o high-risk group ay makakatanggap ng bagong mga patnubay mula sa Chief Medical Officer.

KARAGDAGAN MULA SA MGA PAARALAN

Malapit nang magbigay ng patnubay ang Education Department sa mga magulang at mga childcare providers tungkol sa planong pagbubukas muli ng mga paaralan sa Lunes, ika-11 ng Mayo.

Ang cohort ng Year 11 ay otorisadong lumiban sa paaralan, na may pagbubukod sa pagkumpleto ng isang transition programme sa takdang kurso.

Magpapatuloy ang emergency childcare na ipagkakaloob ng Education Department hanggang sa katapusan ng araw sa Huwebes, ika-7 ng Marso 2020, para makapagbigay ng isang araw na pagpapalano at paghahanda para sa pagbubukas ng mga paaralan sa Lunes, ika-11 ng Mayo.

Hinihiling namin sa mga magulang na:

- Kausapin ang kanilang mga anak tungkol sa coronavirus (COVID-19), social distancing, at paghuhugas ng mga kamay.
- Sundin ang mga patnubay para sa mga sambahayan na may posibleng impeksyon ng coronavirus
- Huwag mag-kumpulan ng malapitan sa isa't isa sa mga pasukan ng paaralan o sa mga lugar-pampalaruan, at ipakita sa kanila ang social distancing para ng sa gayon ay makita ito ng mga bata na isang mabuting gawain.

Kung ang mga miyembro ng publiko ay may mga katanungan, makipagugnaya sa ahensya sa numerong 27289.

ANG ATING PATNUBAY SA SOCIAL DISTANCING

Bilang kasama sa mga gawain na inanunsyo noong Biyernes, ipapakilala naming ang mga bagong patnubay tungkol sa social distancing na makapagbigay ng ilang pagluluwag ng mga paghihigpit sa mga social at pisikal na mga gawain.

Ang Gobyerno ay gagamit ng mga konseptong matagumpay na naisagawa sa New Zealand.

Ang pangunahing ideya ay matulungan ang mga tao na mag-grupo grupo sa kung tawagin nila ay “Bubbles”.

Ito ay isang paraan ng kaisipan na matulungan ang mga tao na makapagsagawa ng mga desisyon tungkol sa kung sino ang kanilang kikitain sa pakikipaghalubilo at kung papaano sila maghahalo-halo.

Hihilingin naming sa iyo na alamin ang mga taong nabibilang sa iyong pangunahing “bubble”. Kalimitan dito, ang mga taong ito ay yaong kinakasama mo sa bahay.

Hinihiling naming sa inyo na panatiliing maliit lang ang inyong mga bubbles hanggat maaari para kung dumating man ang COVID-19 sa mga isla, ang potensya na pagkalat nito ay ma-contain.

Para lubos mong maunawaan kung ano ang ibig sabihin nito, ilalathala namin ang patnubay na *Socially Connected, Physically Protected* sa Martes, ika-5 ng Mayo.

PACKAGE PARA SA EKONOMIYA

Handa na ngayon ang Gobyerno na tumanggap ng mga aplikasyon para sa bilang ng mga bagong hakbang para tulungan ang mga negsoyo, mga empleyado ng pampribadong sektor, at mga sambahayan habang sila ay nag-aadjust sa mga pang-ekonomiyang epekto ng COVID-19 pandemic.

Ang mga hakbang, na inanunsyo noong ika-17 ng Abril, ay kabilang sa package na nagrerepresenta ng isang komprehensibong pamamaraan para tugunan ang mga pangangailangan sa cash flow ng mga empleyado ng pampribadong sektor at mga sambahayan at ang pangangailangang liquidity ng mga micro, small, at medium-sized na mga negosyo sa susunod na tatlong (3) buwan.

Maaari mong makuha ang mga application forms at karagdagang mga detalye sa fig.gov.fk/covid-19.